# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II

## Yunit 2
## Modyul Blg. 9
## Sa Kapakanan ng Iba

## I. Ano ang Inaasahang Matututunan Mo?

May isang ina na nagkuwento. Sabi niya " *Ganoon pala ang damdamin ng isang Ina kapag nasa bingit ng panganib ang anak. Kahit buhay mo, ibibigay mo mailigtas lang siya".*

Ganito iyon. Isang araw, akay- akay ng ina ang tatlong taong anak niya na si Wheng. Pagdating sa kalsada biglang tumakbo ang bata paliban sa kabila. Kitang – kita ng ina na may dumarating na kotse. Pagkakita sa sasakyan at naisip na masasagasaan ang bata biglang hinabol ng ina si Wheng para iligtas. Sa kabutihang – palad biglang lumiko sa kabilang kalye ang kotse.

Biglang binuhat ng ina si Wheng at lumuluhang hinalikan. Sabi ng ina, " Salamat po, Diyos ko!

Likas sa tao ang kabutihang loob. Sa kaibuturan ng kanyang puso naroroon ang binhi ng pagmamahal sa kapwa. Naroroon ang pagsasaalang – alang sa kapakanan ng kanyang kapwa.

Pagkatapos ng pag – aralan ang modyul na ito, inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

Naipadarama ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa sa pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba (L.C. 2.8)

A. Natutukoy ang gawaing nagpapakilala ng pagsasaalang – alang sa kapwa
B. Napatutunayan na ang pagsasaalang – alang sa kapwa ay nangangailangan ng ibang mahahalagang kasanayan at pagpapahalaga.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga II kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong


pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud – sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang – alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong . Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamg-aral o kaibigan kung kailangan
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan sa pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

**A.** Tingnang mabuti ang mga larawan sa bawat kwadrado. Ano ang ipinahihiwatig ng bawat larawan?



**Sagutin ang mga sumusunod:**

1. Sa mga larawan sa itaas, anu – anong mga gawain ang nagpapakita ng pagsasaalang – alang sa kapakanan ng kapwa?
2. Kaya mo rin bang gawin ang mga nasa larawan?
3. Anong mga gawaing kahalintulad nito ang nagawa mo na? Magbigay ng ilan?
4. Ano ang nararamdaman mo sa pagsasagawa ng mga ito?
5. Ano ang kahulugan ng gawaing nagsasaalang – alang sa kapakanan ng iba?

**B.** Piliin ang pinakaangkop na sagot.

1. Ang pagsasaalang – alang sa kapakanan ng iba ay nakaugat sa _________
   a. pag-ibig at paggalang sa Diyos at kapwa
   b. paniniwala sa kinagisnang kaugalian
   c. tungkulin sa samahang kinabibilangan
   d. paglilingkod sa nakatatanda

2. Kung isinaalang –alang ang paglilingkod sa kapwa dapat ay damayan ang kapwa
   a. sa abot ng kaya
   b. kung may pera ka
   c. hanggang may hininga
   d. kung gusto mo

3. Kapag isinasaalang – alang ang kapakanan ng kapwa, ito'y katulad din ng paglilingkod sa Diyos sapagkat ______________
   a. ang kapwa ay nilikhang kawangis ng Diyos
   b. ang pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal din sa Diyos
   c. ang paniniwala sa Diyos ay paniniwala sa kapwa
   d. higit ang pananagutan sa Diyos kaysa kapwa

4. Kung ikaw ay nagsasaalang – alang sa kapakanan ng kapwa ay _________
   a. giginhawa
   b. gagantimpalaan
   c. gagantihan
   d. kakawilihan

5. Sinasabi sa Mateo 25: 37 – 40

*" Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? ….. O kailan po namain kayo nakitang may sakit o nasa bilangguan at aming dinalaw?*

*Sasabihin ng hari, " Sinasabi ko sa inyo; ang gawin ninyo ito pinakahamak sa mga kapatid kong ito, ito ay sa akin ninyo ginawa"*


Ang kahulugan nito ay:

a. Ang pagmamalasakit sa kapwa ay gawaing maka-Diyos
b. Ang gawaing mabuti ay kinalulugdan ng Diyos
c. Anumang ginawang mabuti sa kapwa ay ginawa sa Diyos
d. Ang Diyos ay mabuti sa taong mabuti sa Kanya

## III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1

**Panuto**: Ang nasa larawan ay hagdan ng pakikipagkapwa. Ilagay o isulat sa hagdan ang mga gawaing nagawa mo na, na isinaalang – alang ang mga nasa hagdan.




Sagutin:

1. Anong mga Pagpapahalaga at kasanayan ang kailangan mo upang magawa mo ang mga isinulat mo sa hagdan ng pagsasaalang – alang sa kapwa?
2. Ano ang naramdaman mo sa ginawa mo?
3. Bakit kailangang gawin mo ang pinagpasyahan mong ito.

Gawain Blg. 2

Basahin ang kwento ng *"Isang Mabuting Babe at ng Isang Maginoong Lalaki"* ni James B. Reuter, S.J.

Ang mabuting babae ay si Pelagia Villaflor Soliven. Ang maginoong lalaki ay si Benito Soliven. Si Benito Soliven ay umibig kay Pelagia ng 12 taon pa lamang ang babae, naging magkasintahan sa edad na 16 at ikinasal sa edad na 18. Si Pelagia ay mahiyain, mabait, malakas ang loob at buong pusong umibig kay Benito. Si Benito ay isang matapat na tao. Nanalo siya sa pagiging kinatawan sa Ilokos at natalo niya si Elipidio Quirino.

Nang sumiklab ang giyera noong Disyembre 1941, pumunta si Benito sa Bataan, kahit hindi naman kailangang pumunta. Siya ay isang opisyal na "reserved". Siya ay kasama sa Death March. Noong nasa piitan sa Capas, kung saan may 50 tao ang namamatay araw-araw, maari siyang lumabas kung nanaisin niya. Yayakapin lamang niya ang gobyernong " puppet" ng Hapones.

*Project EASE: Edukasyon sa Pagpapahalaga II Modyul Blg.9, ph 5 /11*

Ngunit hindi niya ginawa alang-alang sa bayan. Ang sabi pa niya " Lalabas ako dito kapag ang lahat ay lumaya na"

Malubha ang kanyang sakit nang siya ay lumaya. Namatay din siya at iniwan niya kay Pelagia ang sampung anak. Bata pa si Pelagia Soliven nang siya ay mabalo ngunit alang-alang sa mga anak, ang mga ito'y binubuhay niya sa pamamagitan ng pananahi ng damit ng mga madre. Hindi na siya muling nag-asawa.

Ipinagdiwang niya ang kanilang Gintong Anibersaryo sa kasal 36 na taon pagkamatay ng kanyang asawa. Lumakad sa gitna nang kanyang mga apo, ang mga mag-asawahang anak at suot niya ang puti-puting damit. Alam niya nandoon si Benito. Naniniwala siya na ang pag-ibig ay hindi lamang panghabambuhay kundi walang hanggan.

Halaw sa: Reuter, James B. *The Good Man and Gentle Man*, Philippine Star
15 January 2005

Sagutin:

1. Anong sakripisyo ang ginawa ni Pelegia V. Soliven alang-alang sa kanya mga anak?
2. Ano naman ang sakripisyong ginawa ni Benito Soliven alang-alang sa mga kasama sa Capas, Tarlac at alang-alang sa bayan?
3. Anong mga pagpapahalaga ang tinataglay nila upang masabing ang "Mabuting Babae at Maginoong Lalaki"?

# IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

1. Ano ang ibig sabihin ng “ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa at paglilingkod sa Diyos ay naipakikita sa pagsasaalng-alang sa kapakanan ng iba”?
2. Anong mga pagpapahalaga ang dapat mong taglayin upang makagawa ka ng gawaing may pagsasaalang – alang sa kapwa?

## V. Pagpapatibay

### Ang Walang Hanggang Pananagutan Para sa Kapwa

Sinasabi ni Levinas na ang etikal na basehan ng lipunan ay “Ang Aking Responsibilidad Pasa Sa Iba” ( The Responsibility for the Other). Ang responsibilidad o panangutan ay nagmumula sa pamamagutan ng iba; na kung ang iba ay nangangailangan, ako ay dapat sumagot o tumugon. Ang pananagutan ay lumalalim habang tinutugunan. Ako ay may walang hanggang pananagutan para sa iba.

Sabi pa rin ni Levinas na ang walang hanggang pananagutan ay dapat tugunan ng kongkretong bagay; sapagkat ang tinatawag na Iba o Ibang Tao

(Kapwa) ay ang mga mahihirap, mga balo, mga ulila, dayuhan, mga taong walang sariling tahanan. Higit na matutugunan ang kanilang pangangailangan kung mga materyal na bagay ang naibibigay sa kanila. Higit na mapupunuan ko naman ang aking responsibilidad kung anuman ang materyal kong pag-aari ay mapagyayaman ko.

Halaw sa: Cruz, Corazon L. (1995)
Contemporary Ethics, Navotas Press
Navotas, Manila

Ilang Salik Tungkol sa Pagsasaalang-alang sa Kapakanan ng Kapwa

1. Ang tunay na diwa ng pakikipapagkapwa at paglilingkod sa Diyos ay maipapakita sa pagsaalang – alang sa kapakanan ng iba.
2. Ang pag-iisip at paggawa na mabuti alang – alang sa kapwa ay nagbibigay ng kagalakan sa puso.
3. Ang paglilingkod sa kapwa ay walang itinakdang oras at pagkakataon.
4. Hindi kailangan ang maging sikat at papuri sa paglilingkod sa kapwa.
5. Huwag bilangin o isumbat ang naitulong sa kapwa.

Sa pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa kailangan ang ilang kasanayan at pagpapahalaga. Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

1. Pagkakaroon ng Maawaing Puso( Compassion and Empathy)

Ang pag-unawa sa pangangailangan ng iba ay possible lamang kung mayroon tayong malalim na pagdama sa mga pagdarahop at paghihirap ng iba. kailangan nating damhin at ilagay ang ating sarili sa kalagayan ng mga mahihirap o winalang-halagang mga pangkat tulad ng mga nagugutom, mga sanggol at sector ng mga manggagawang binubusabos. Mahalagang unawain ang buhay ng mga batang lansangan na nasasadlak sa pang-aabuso, prostitusyon at namamalimos sa kalsada.

2. Pagkakaroon ng Matuwid na Konsyensya ( Conscientization)

Ito ay nangangahulugan ng isang determanadong pagtatalaga sa sarili upang makatulong na pagkakaron ng mga adhikain at simulain tungo sa disiplinado at makatotohanang paglilingkod sa kapwa.

3. Pakikiisa sa Diwa at Puso (Communion)

Ang pagdamay sa ating kapwa ay isang “absolute” na obligasyon ng Ang pagdamay sa ating kapwa at walang kinikilingan at walang hangganan. Kapag tayo ay nakaririnig ng mga taong naging biktima ng kalamidad, karahasan at kawalan ng katarungan, hindi ba’t tayo ay kaagad na naaawa at ibinibigay natin ang ating simpatiya? Tayo ay magkakapatid kung kaya’t ang kasiyahang nadarama natin sa pagtulong sa ating kapwa ay nakagagaan ng pakiramdam at nagbibigay sa ating ng kakaibang kaligayahan at kaganapan.

Halaw sa: Punsalan, Tuvila G. (2002).
***Sangkatauhan sa Maylalang***
Rex Printing Company, Inc.: Quezon City

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Higit na sigurong malinaw sa iyo ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa at paglilingkod sa Diyos. Ngayon ay isulat mo ang mga maaari mo pang gawin para sa kapakanan ng iyong pamliya, kaibigan, kapitbahay na matagal mo nang nais gawain.

Halimbawa:

Sa Pamilya

1. Tuwing umaga hahalinhan ko si Inay sa paghahanda ng pagkain.

Sa kaibigan

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |

Sa Kamag-aral

| |
|---|
| |
| |
| |
| |

Sa Pamayanan

| |
|---|
| |
| |
| |
| |

## VII. Gaano Ka Natuto?

**A.** Panuto: Ang tseklist na ito ay isang paraan kung paano mo masusukat ang antas ng pagsasaalang – alang mo para sa kapakanana ng iba. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas ito naisasagawa.

| Aytem | Madalas | Paminsan – Minsan | Bihira | Hindi |
|---|---|---|---|---|
| 1. Naipapakita ko ba ng aking pagsasaalang – alang sa aking kapatid sa paggawa ng mabuti sa kanila? | | | | |
| 2. May inilalaan ba akong oras upang malatulong sa aking pamilya? | | | | |
| 3. Natutulungan ko ba ang mga kapus – palad? | | | | |
| 4. Inuuna ko ba ang aking maliliit na kapatid na magkaroon ng gusto nila bago ang sarili ko? | | | | |
| 5. Nagbibigay ba ko sa mga samahang pangkawanggawa? | | | | |
| 6. Ako ba ay madaling tumugon kung kailangan ang tulong ko? | | | | |
| 7. Hindi ba ako umaasa ng ganti sa taong natulungan ko? | | | | |
| 8. May sapat ba akong dahilan para tumangging tumulong sa iba? | | | | |
| 9. Sa paggawa ko ba ng desisyon ay isinasaalang – alang ko ang kapakanan ng aking kapwa? | | | | |
| 10. Hindi ba ako namimili ng taong tutulungan? | | | | |

**B.** Panuto: Piliin ang wastong sagot.

1. Isang _______________ ang pagtulong at pagsasaalang –alang sa kapwa.

    a. tungkulin
    b. adhikain
    c. panuntunan
    d. panata

2. Ang pang-aabuso ng ______________ ay kakulangan ng pagkilala sa halaga ng kapwa – tao at kawalan ng respeto at malasakit ng kapwa.
    a. tungkulin
    b. karapatan
    c. tiwala
    d. kapwa

3. Ang mga ito ay gabay upang makapagkawang-gawa at makapaglingkod sa kapwa. Alin ang hindi kabilang?

    a. Maglingkod nang may kasiyahan
    b. Tumulong sa abot ng makakaya
    c. Isiping makatutulong din sa iso ang tinutulungan mo.
    d. Maglaan ng oras at panahon sa paglilingkod sa kapwa

4. Ang kanal sa inyong barangay ay barado kaya't tuwing uulan ay umaagos ang tubig sa kalsada. Libre ka kung Sabado at Linggo sa anumang gawain. Ano ang mabuti mong gawain?

    a. i-report sa Kapitan ng Barangay ang tungkol dito
    b. simulan ang pag-aalis ng bara sa tapat ng bahay mo
    c. kausapin ang mga kabataan at pagtulung – tulungang alisin ang bara
    d. hayaang makita ito ng mga kinauukulan at sila ang gumawa ng paraan

5. Basahin ang mga panawagan sa ibaba . Ang mga ito ay nagsasaad ng:

    a. pagdamay sa nangangailangn
    b. pakikiisa sa mga gawain ng simbahan
    c. paggamit ng iyong oras sa kapakipakinabang na gawain
    d. pagtugon sa panawagan ng simbahan

May pulong ang mga miyembro ng *choir* bukas 22 Enero 2007 sa ganao na 1:00 ng hapan sa opisina ng parokya

DONASYON
Tumulong sa nasalanta ng bagyo. Ang mga donasyon ay ipadala sa parish office

BIBLE STUDY
Magsisumula sa ika-4 ng Pebrero 2007 tuwing ika-6 hanggang ika-7 ng gabi

PATALASTAS
Sa sinumang magnanais na maging katekista
Magpatala mula
Enero 24 – 30 sa Parish Office

# VIII. Mga Sanggunian


Cruz, Corazon L. (1995). *Contemporary Ethics.* National Book Store:Manila

Punsalan, Twila S. (2002). *Sangkatauhan sa Maylalang* Rex Printing Company, Inc.:Quezon City

*Bible*


# IX. Susi sa Pagwawasto

| A. Score | |
|---|---|
| 75-100 | May mataas na pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa |
| 51-74 | May katamtamang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa |
| 25-50 | May pasasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa |
| 1-24 | May kaunting pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa |

| **A.** | Handa Ka Na Ba? |
|---|---|
| 1. a | 1. a |
| 2. b | 2. a |
| 3. c | 3. b |
| 4. c | 4. b |
| 5. b | 5. c |